1

"Talaga yatang nahihibang na ang maraming tao ngayon at gusto na namang maging gaya-gaya tayo sa sistema ng ibang bansa," anang isang baritonong boses sa speaker na nasa estanteng nasa ibabaw ng ulo ni Addie. "Stop being copycats, folks. Matagal nang tapos ang panahon ng pananakop at kung nakakalimutan n'yo ay malaya na tayong gumawa ng sariling pangalan." May narinig na 'click'. *"This is Neil Lopez, shoot."*

Lalong nagtagis ang mga bagang ng dalaga habang patuloy na nakikinig sa maaanghang na opinyon ng host. Humalukipkip siya sa kinauupuan at matamang pinakinggan ang mga callers.

"You're on air, make it quick."

She rolled her eyeballs. She just didn't understand why these people kept on calling when all the answers they got were full of mockery and sarcasm.

And what was she supposed to say to the notorious Neil Lopez who was the one responsible for the damage on her parents' marriage? Nothing was coming on her mind, but she trusted her instinct to take over by the time she came face-to-face with him. By now, her mother was on her way to Hong Kong, about to take the trip she and her father had planned for years. But her dad was at home, working on some cabinets he insisted on building

to donate to the people affected by the latest typhoon.

Workaholic nga marahil ang kanyang papa dahil kahit tatlong taon na itong nagretiro ay hindi pa rin nito maiwasang kumilos at unahin ang kung ano-anong gawain.

Napabuntong-hininga si Addie. They could have compromised, had her mother not called Neil Lopez for an on-air advice.

"The solution to your stupid problem is as simple as annulment," malutong pa ang pagkakasabi ng host sa mga katagang iyon. Kaya naman ang kanyang mama, ayun at tinawagan kaagad ang ninang niyang abogada at ipinaasikaso ang annulment saka dali-daling nag-impake ng mga damit.

"So kasupladahan lang ba ang ipinaglalaban mo dahil ayaw mong makasalamuha ng mga anak mo ang anak ng mga ordinaryong tao?" Ang tinig ni Neil ang nagpabalik sa diwa ni Addie sa kasalukuyan. Nang tingnan niya ang oras sa wall clock ay alas diez na. Last caller na iyon ng programa.

"Hindi naman," depensa ng caller. *"Concerned lang ako sa image ng subdivision namin. Baka kasi bumaba ang value ng mga residential lands kapag itinuloy ang pagtatayo ng isang pipitsuging apartment doon."*

Isang eksaheradong buga sa hangin ang narinig mula sa speaker. *"Kausapin mo ang management ng subdivision mo at sigurado akong pagtatawanan ka lang nila dahil wala kang alam*

sa field ng land estate. And if you want an argument, go to your husband because our time is up." Isa uling 'click' ang narinig. *"Hold all your ingenious thoughts until tomorrow night. This is Neil Lopez, signing off."* Kasunod niyon ay pumainlanlang ang theme music ng programa nito.

"Any minute now..." anas ni Addie na nakatuon ang mga mata sa pinto. Hindi na siya nag-abalang sumilip pa sa bintana ng silid dahil tinted iyon. Isa pa, ano pa ba ang inaasahan niyang hitsura ng radio program host kundi isang mataba at pandak na lalaking bigotilyo at hanis na hanis ang buhok. Boses lang naman ang puhunan kung sa radyo nagtatrabaho at kahit maganda ang boses ni Neil, akma naman sa ugali nito ang imaheng binuo niya sa utak niya.

Nang maulinigan niya ang halo-halong tinig mula sa nakapinid na pinto ay tumayo siya. Dinig na dinig sa marmol na sahig ang bagsak ng takong ng sapatos niya. Inayos muna ng dalaga ang sarili at tindig para naman magmukhang intimidating siya at madala niya ang lahat ng gusto niyang ibato kay Neil pag nakaharap na niya ito.

Ilang segundo at bumukas na ang pinto. Pero hindi ang lalaking nasa utak ni Addie ang lumabas mula roon.

Six feet, she guessed, young, lean and unbelievably handsome. Mahaba ang hanggang balikat nitong buhok na medyo magulo, pero hindi naman iyon nakamantsa sa hitsura nito. In fact, it added danger to his persona. Ang itim na itim nitong mga

mata ay napuno ng pagkagulat pero kaagad din naman iyong nahalinhan ng ngiti.

"Good evening, Ma'am. May I help you?"

She relaxed, deciding to save her frost for the real thing. "I'm Addie Hernandez. Who are you?"

He reached for her hand and shook it warmly, his eyes never leaving hers. "I'm Angelo Flores. Nice meeting you," He dropped her hand, tilt his head and let himself take in her body.

Nahigit tuloy ni Addie ang kanyang blazer para itago ang manipis na blouse na tila hina-highlight ang dibdib niya. Sana ay hindi rin siya nagsuot ng isang hapit na pencil skirt na pakiramdam niya ay hihiwalay sa mga hita at balakang niya dahil sa paraan ng pagtingin ng kaharap.

"So, Addie Hernandez," anitong ibinalik ang tingin sa mga mata niya, "what in the world brings you here?"

"Neil Lopez." Pinilit niyang huwag magbaba ng paningin. "I'd like to speak with him. Can you tell him I'm here?"

"Kilala ka ba niya?" Napawi ang ngiti sa mga labi nito at bahagyang kumunot ang noo.

"No. He has not had the pleasure."

He grinned. "And what is it you'd like to see him about?"

"I'd like to speak to him about some advice he's been giving

to the callers."

"Are you from the regulatory board?"

"No. Isa lang akong concerned citizen na gustong sabihin sa kanya na hindi nakakatuwa ang ilang bagay na pinagsasasabi niya."

Tumango-tango si Angelo. "I see... So you came here to set him straight?"

"To moderate him, yes. Precisely. Now please tell him I'm here."

He shrugged his broad shoulders. "Can't. Nakaalis na siya. Palaging doon siya dumadaan sa kabilang exit dahil iniiwasan niyang makaharap ang mga concerned citizens na tulad mo." Hinawi nito ang ilang hibla ng buhok na bumagsak sa mukha. "Neil... he's not that popular, you know."

Nalaglag ang mga balikat ng dalaga. So sinayang niya ang gabi na ito, naghintay ng halos dalawang oras para lang sa wala? Tumungo siya, nag-isip kung ano ba ang dapat gawin. Pagkuwa'y muli niyang tiningnan ang lalaking humakbang na papalapit sa kanya.

"Do you work for him?" she asked.

He nodded. "Yes. I'm an engineer of sorts."

"How can you stand it?" Ikinumpas niya ang kamay sa

hangin. “He hurts people. He’s crazy. He gives stupid advices and some listeners actually follow those.”

Natawa si Angelo. “No, Ma’am. I doubt anyone really follows him.”

“I’m telling you, they do,” naninginkit ang mga matang sabi ni Addie. “Maraming tao na nangangailangan ng konting guidance at ang mga taong ito ay gagawin kung ano man ang sabihin ng kung sinong herodes na magbibigay niyon sa kanila.

“But that’s absurd! Why would anyone listen to someone on the radio who has no idea how their life goes? Bakit hindi nila i-weigh ang kani-kanilang sitwasyon at sila na mismo ang bumuo ng mga desisyon sa buhay nila?”

He sighed and pouted a little. His eyes glistened with amusement. “You’ll definitely pick up with him, Ma’am. So, why don’t I buy you a cup of coffee so we can talk about this? If I think it’s something that needs Neil’s attention, I’ll see to it na magkakaroon ka ng appointment sa kanya.”

Addie studied his face. Kahit associated ito kay Neil, wala siyang makitang senyales na katulad ito ng host. Lalong mukhang hindi ito pervert. And even if looks could be deceiving, she could very well take care of herself. She knew how to handle danger.

As if reading her thoughts, Angelo smiled and raised his eyebrows. “Come on. I’m a nice guy. Look at me.”

She looked at him then. And what she saw was an unusual appeal and a charming self-confidence, that he was very well aware of his attractiveness.

"All right, just a cup of coffee."

"And some stimulating conversation..." dagdag nito saka marahang idinantay sa likod ng dalaga ang kamay para igiya siya palabas ng radio station.

The cup of coffee was then converted to a bottle of beer. Then another one. And so on.

"To tonight." Itinaas ni Angelo ang boteng hawak at ipiningki iyon sa hawak ng dalaga.

"Tonight?" natatawang tanong ni Addie.

"For all its surprises and promises."

Kibit-balikat na sinabayan niya ito sa pagtungga.

"Big, round eyes... Did I tell you that those are my weakness?" Sumandal ang binata sa hood ng pick-up nito.

"Nope. But I'm sure you've told someone before." Smiling, she focused her glance on the mesmerizing city lights.

Napadpad sila ni Angelo sa overlooking na bahagi sa Antipolo. Pareho pala silang hindi mahilig sa kape, kaya

nagpatianod siya sa trip nito. Sinabi pa nito ay masyado raw itong stressed sa trabaho at matutuwa ito kung sasamahan niya itong uminom.

Tumawa ang binata. “Bakit ba pakiramdam ko ay hindi ako ang pinaka-sincere na taong nakilala mo?”

“I know you’re not.” Kinindatan niya ito. “But you’re smooth, I’ll give you that.”

“Well, I guess that’s something,” he replied. “So, tell me about yourself. Mula nang ipinanganak ka hanggang sa nakita mo ako kanina.”

Kunot-noong binalingan niya ito pero nakangiti siya. “Are you always this blunt or is it just a front for your insecurity?”

“I believe in saying what I think.” Pinaraanan ni Angelo ng daliri ang bote ng beer. “Flaw ba ’yun para sa ’yo?”

Addie shrugged. “Maybe. Not sure.”

Pinalamlam ng binata ang mga mata nito. “But I’m so cute and I’m such a—”

“Great guy,” tinapos niya ang sasabihin nito. Mga sampung beses na rin kasi nitong sinasabi iyon simula kaninang pag-alis nila sa radio station at habang nasa biyahe kapag nababara niya ito.

“S’abi ko na nga ba at aamin ka rin.”

Inirapan niya ito.

"Seriously," anito na pumihit paharap sa kanya, "what do you do for living? Sigurado akong hindi ka pa kasal."

Addie thought of Steven Fuentes, the fourth year medical school student with whom she had a relationship, but they had to break up because he couldn't give much time for her due of his studies. Naghiwalay sila bilang magkaibigan.

"At paano mo naman nasiguro? Maraming tao ang hindi nagsusuot ng wedding ring."

"You don't act married." Inubos ni Angelo ang laman ng boteng hawak at muling nagbukas ng panibago. "And in case you're dying to know, I'm not married, either. Hindi mo kailangang ma-guilty sakali mang ma-in love ka sa akin."

"Wow!" sabi niyang nangingiti. Alam niyang namumula na ulit ang kanyang mga pisngi, pero gusto ni Addie ang pakiramdam. Pero alam din niyang hindi niya dapat himukin ang binata. Masyadong risky. He's too charming, too attractive.

"Now what do you do for living?"

"I have a bookkeeping business in my home. Kliyente ko iyong maliliit na business enterprises na hindi kayang mag-hire ng mga full-timer o kaya naman iyong mga walang time para ayusin ang ganoong aspeto ng negosyo nila."

"Hmm... I'm impressed. The lady is an entrepreneur." Nang makita nitong ubos na rin ang iniinom niya ay nagbukas ito ng

panibagong bote ng beer at iniabot sa kanya. “When did you—”

“Why do I have this feeling that you’re navigating me away from the subject of Neil Lopez?”

“Ako? Hindi, ah,” painosenteng ani Angelo. “Okay, if you want to talk about him, go ahead.”

Humugot ng malalim na hininga ang dalaga. Parang ayaw na nga niyang pag-usapan pa ang pesteng si Neil Lopez. Ayaw niyang sirain ang gabing ito at alalahanin pa ang problema ng kanyang mga magulang. Pero kung hindi pa niya ilalabas ngayon, ilang araw pa niyang kikimkimin ang bigat na nararamdaman. At matitiis ba niyang makita ang ama na mag-isa na lang sa bahay nila kapiling ang mga martilyo at pako nito?

“I really have to speak to him.”

“Are you sure you want to speak to him and not at him? Do you really care what he has to say?”

Tumuwid ang likod ni Addie. “Yes. I’d love to hear what excuse he has for destroying people’s lives.”

Angelo grinned but instead of warming her, it annoyed her. “Bigyan mo ako ng specific example kung kaninong buhay ba ang sinira niya.”

“My parents. He’s ruined their marriage and I’m not sure if it can still be repaired.”

"Ano'ng ginawa niya?" nakaarko ang kilay na tanong ng binata. "Did he sleep with your mother?"

"No!" she blurted out. "Disenteng tao ang mama ko."

"Then what did he do?"

Nakipagtitigan si Addie sa bote ng beer na hawak at nakailang buntong-hininga ang pinakawalan niya bago nagsalita. "Nagkaroon sila ng maliit na problema at naisip ng nanay ko na tumawag kay Neil para magtanong kung ano ba ang dapat niyang gawin. He suggested annulment and yesterday, my mother filed the papers and rushed to Hong Kong this morning."

"Good for her!"

Masama ang tinging binalingan niya ang binata. "How can you say that?"

"As you have said," he paused and drank his beer, "Neil only gave a suggestion. Kung sinunod iyon ng mama mo, marahil ay may mas malalim pang dahilan at matagal na niya iyong balak. What Neil did is simply trigger what's already in your mother's mind. And maybe she really deserves a vacation."

Addie grimaced. Derechong ininom niya ang beer hanggang sa wala nang laman ang bote.